



PATNUBAY SA MISA



1 Nobyembre 2015

Dakilang Kapistahan ng mga Banal

Taong B

Ang Kaluwalhatian ng Lahat ng Santo!

Ang Kapistahan ng mga Santo ay isang magandang pagkakataon para pagpugayan ang Diyos sa kasaganaan ng kabanalan sa Simbahan at parangalan ang lahat ng mga bayani ng pananampalatayang Kristiyano.

Ang mga kanonisadong santo ay babahagyang nakikitang batayan ng mga banal na Kristiyanong binubuo ng milyun-milyong mga banal na wala sa mga kalendaryo. Wala silang mga nagawang himala ni mga pagpapakita kanginuman. Mga ordinaryo lamang silang mga Kristiyano – tulad natin. Ang tanging pambihira sa kanila ay ang tapat nilang pagmamahal sa Diyos at pagkabukas-palad sa kanilang kapwa.

Tagumpay nila’y isang pangganyak sa ating maging kaisa nila sa paghahangang “makarating sa langit.” Sukat lang nating tumulad sa kanilang pagmamahal sa Diyos at sa kapwa, at sa gayon, tayo’y maging kalugod-lugod sa Panginoon.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Halina’t tayo’y magdiwang sa araw ng mga banal na pinagsasayang tunay ng anghel sa kalangitan sa pagpuri sa Maykapal.

Pagbati

P –Pagpalain ang Panginoong Diyos na tumawag sa ating maki-bahagi sa Kanyang kaluwalhatian sa langit. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.
B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Mga kapatid, lahat tayo’y nilikha para sa langit at inaasahang manunton sa daang patungo sa kaligayahang walang hanggan. Patawarin nawa tayo sa ating mga naging pagkukulang at kapabaya-an. (Manahimik saglit.)

P –Panginoong Hesus, sa aming binyag, hinirang mo kaming mga kapatid mo at kapwa tagapagmana sa kaligayahang

walang hanggan. Patawarin mo nawa ang di namin pagtupad sa mga pangako namin nang kami’y binyagan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, sa iyong mga pangaral at halimbawa, itinuro mo sa amin kung paanong mamuhay sa iyong Kaharian. Patawarin mo kami sa mga pagsunod sa mga tuntuning makamundo. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, sa iyong mga “Beatitudes,” tinukoy mo sa amin ang ilan sa mga dapat maging pangunahing katangian ng ating buhay. Patawarin mo ang aming pagpapahalaga sa makasalanang pamumuhay. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnu-

bayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahalilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naging makapangyarihan, ipinagkaloob mong aming maparangalan sa isang dakilang kapistahan ang kagitingan ng lahat ng iyong mga banal. Iniluluhog namin, pakundangan sa napakaraming dumadalangin, na paapawin mo sa amin ang kinasasabikang batis ng iyong awa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Pah 7:2-4.9-14*
Sa kanyang pagkapatapon sa Patmos, si Juang apostol ay nagkaroon ng pangitain ng napakaraming mga santo sa langit. Pinapupurihan nila ang Diyos sa kaligtasang ipinagkaloob sa kanila ng dugo ng Korderong Hesukristo.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

Ako'y si Juan, at nakita kong umaakyat sa gawing silangan ang isa pang anghel, taglay ang pantatak ng Diyos na buhay. Humiyaw siya sa apat na anghel na binigyan ng Diyos ng kapangyarihang maminsala sa lupa at sa dagat, "Huwag muna ninyong pinsalain ang lupa, ang dagat, o ang mga punongkahoy. Hintayin ninyong matatakan sa noo ang mga lingkod ng ating Diyos." At sinabi sa akin ang bilang ng mga tinatakan—sandaa't apatnapu't apat na libo buhat sa labindalawang lipi ng Israel.

Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming taong di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. Sabay-sabay nilang sinabi, "Ang kaligtasan ay mula sa Kordero, at sa ating Diyos na nakaluklok sa trono!" Tumayo ang lahat ng anghel sa palibot ng trono, ng matatanda, at ng apat na nilalang na buhay. Sila'y nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Diyos. Ang wika nila, "Amen! Sa ating Diyos ang kapurihan, kadakilaan, karunungan, pasalamat, karangalan, kapangyarihan, at kalakasan magpakailanman! Amen!"

Tinanong ako ng isa sa matatanda, "Sino ang mga taong nakadamit ng puti, at saan sila nanggaling?" "Hindi ko po alam," tugon ko. "Kayo ang nakaaalam." At sinabi niya sa akin, "Sila ang mga nagtagumpay sa kabila ng mahigpit na pag-uusig. Nilinis nila at pinaputi sa dugo ng Kordero ang kanilang damit."


Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 23*

B—Panginoon, ang bayan mo ay dumudulog sa iyo!

R. M. Velez



* Ang buong daigdig, lahat ng naroon, may-ari'y ang Diyos, ating Panginoon; ang mundo'y natayo at yaong sandiga'y ilalim ng lupa, tubig kalaliman. *B.*

* Sino ang marapat umahon sa burol, sa burol ng Poon, sino ngang aahon? Sino'ng papayagang pumasok sa templo, sino'ng tutulutang pumasok na tao? Siya, na malinis ang isip at buhay, na hindi sumamba sa diyus-diyusan; tapat sa pangako na nibibitiwan. *B.*

* Ang Panginoong Diyos, pagpapalain siya, ililigtas siya't pawawalang-sala. Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos, silang lumalapit sa Diyos ni Jacob. *B.*

Ikalawang Pagbasa *1 Jn 3:1-3*

Ang mga taludtod na ito ay malinaw na pahayag ng ating pakikiisa kay Kristong banal na Anak at pag-iwas natin sa pagkakasala pagkat nakalaan tayong magtamasa ng presensiya ng Diyos magpakailanman.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga pinakamamahal: Isipin ninyong kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos—at iyan ang totoo. Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga makaanlibutan: hindi nila kinikilala ang

Diyos. Mga minamahal, sa ngayon, tayo'y mga anak ng Diyos, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Gayunman, alam nating sa pagparitong muli ni Kristo, tayo'y matutulad sa kanya, sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan. Kaya't ang sinumang may pag-asa sa kanya ay nagpapakalinis, tulad ni Kristo—siya'y malinis.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Kayong mabigat ang pasan ay kay Hesus maglapitan upang kayo'y masiyahan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 5:1-12*

Ang Ebanghelyo ngayon ay karaniwang tinuturang "Ang Mapapalad." Itinatampok sa siping ito ang ilan sa mga itinuturing ni Hesus na lubhang kailangan ng lahat para makatuloy tayo sa Kaharian ng Langit. Ito ang mga katangiang isinabuhay niya mismo, at pinagsikapang tularan ng lahat ng santo at ng mga nabubuhay pa.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nang makita ni Hesus ang napakaraming tao, umahon siya sa bundok. Pagkaupo niya'y lumapit ang kanyang mga alagad, at sila'y tinuruan niya ng ganito: "Mapalad ang mga aba na wala nang inaasahan kundi ang Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian. Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos. Mapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat tatamuhin nila ang ipinangako ng Diyos. Mapalad ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos, sapagkat ipagkaloob sa kanila ang kanilang minimithi. Mapalad ang mga mahabagin, sapagkat kahahabagan sila ng Diyos. Mapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos. Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya. Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian. Mapalad kayo

kapag dahil sa aki'y inaalimura kayo ng mga tao, pinag-uusig at pinag-wiwikaan ng lahat ng uri ng kasa-maan na pawang kasinungalingan. Magdiwang kayo at magalak, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at hahukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Sa pagpupugay natin sa lahat ng santo sa langit, pati na rin sa mga di-gasinong kilala, ialay natin ang pakumbaba nating dasal para lalo pang marami ang makabahagi sa kaligayahang walang hanggan. Maging tugon natin ay:

B – Diyos ng kabanalan, dinggin ang aming panalangin!

* Para sa Simbahang tahanan sa lupa ng lahat ng mga santo: Nawa siya'y maging masuyong inang nagtuturo sa kanyang mga anak na maging banal sa pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang itinatapok sa "Mapapalad." Manalangin tayo!

B.

* Para sa Santo Papa at lahat ng

iba pang pinunong espirituwal: Nawa sila'y maging maningning na halimbawa ng kabanalang alinsunod sa halimbawa ng Mahal na Puso ni Hesus, Kalinis-linisang Puso ni Maria, at lahat ng mga santo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinuno: Nawa sikapin nilang bigyan ng hustisya ang mga naaapi, magkaroon ng tunay na kapayapaan, at gamitin ng tama ang yaman ng bayan upang walang sinuman ay nagugutom o nauuhaw. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga Kristiyanong inuusig dahil sa kanilang panampalataya: Nawa sila'y maging matatag sa harap ng pagpapakasakit at kamatayan, buong-tiwala sa maluwalhating gantimpalang naghihintay sa kanila sa langit. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat nating kapatid na yumao: Tanggapin nawa sila sa kaligayahan ng buhay na walang hanggan sa langit, sa awa ng Diyos at pamamagitan ng lahat ng santo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Nawa muli nating dinggin ang panawagan sa ating maging mga santo at pagsumikapan natin ito sa pagtupad ng mga tungkulin tulad ng mga banal na nauna sa atin. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoon ng lahat ng kabanalan, Diyos ng kapayapaan, dinggin ang aming mga kahilingan at ipagkaloob ang kaligayahang walang hanggan sa langit sa lahat ng tinubos ng dugo ni Hesus, na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, maging kalugud-lugod nawa sa iyo ang aming mga alay sa paghahain namin bilang pagpaparantal sa lahat ng mga banal at ipagkaloob mong madama namin ang pagmamalasa-kit sa aming kapakanan ng mga kapiling mo sa langit sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ngayo'y niloob mong maging tampok ang mga mamamayan sa banal na lunsod. Sa lunsod naming inang Jerusalem natitipon ang mga kapanalig namin. Sa iyo'y masaya kaming dumudulog sapagkat kami'y nananalig ng lubos. Kaming sambayanan mo ngayo'y natutuwa sa iyong pagkadakila sa aming mga kapwa. Sila'y naghahandog ng dalangi't halimbawa upang sa pagdulog nami'y di kami manghina. Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Mapalad ang may dalisay na puso at nagbibigay-daan sa kapayapaan at ang mapagtiis naman sa pahirap ng kalaban.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, sa pagsamba namin sa iyong kadakilaan bilang tanging Banal sa gitna ng tanang mga Banal, hinihiling namin ang iyong kagandahang-loob na aming pinakikinabangang kabanalan sa iyong pag-ibig na lubos upang mula sa hapag na ito ng mga naglalakbay patungo sa iyo kami’y makabagtas sa salu-salo sa langit na bayan naming totoo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Ipagkaloob nawa sa inyo ng mahabaging Diyos Ama ang kasaganaan ng buhay na walang hanggan sa piling Niya.

B–Amen!

P–Ipalasap nawa sa inyo ng Diyos Anak, na naging tao at namatay sa krus alang-alang sa atin, ang mga bunga ng kanyang Pagkakatawan-tao, Kamatayan, at Muling Pagkabuhay.

B–Amen!

P–Patnubayan nawa kayo ng Diyos Espiritu Santo, na nagpapadalisay sa inyo sa kanyang presensiya at nagpapalakas sa

inyo sa kanyang grasya, tungo sa langit na tahanan ng lahat ng mga santo.

B–Amen!

P–At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama,

Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan at mamuhay bilang mga banal na anak ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

PAGIGING PAMBALANA NG KABANALAN

Ang iba’t ibang bansa ay may kani-kanyang mga bayani – mga mamamayang napatampok dahil sa kanilang kadakilaan at nananatiling inspirasyon sa lahat ng henerasyon. Kailangan ng isang bansa ang ganitong mga “pambihira’t katangi-tangi.” Gayunman, kailangan din nito ang lalong maraming mamamayang karaniwan – mga taong may normal na buhay, tapat at matiyagang naghahanapbuhay, nagbabayad ng buwis, at sumusunod sa mga kautusan. Mga katulad nilang mga karaniwan ang bumubuo sa mga dakilang bayan.

Ang Simbahan ay may sarili niyang mga bayaning dakilang nagpapatunay sa taas ng kanilang maaabot sa pagsasabuhay ng mga kabaitang ipinangangaral sa Ebanghelyo at hinahalimbawaan ni Hesukristo. Kailangan ng Simbahan ang ganitong mga santo kung paanong kailangan din ng isang bansa ang mga bayani.

Ang Simbahan ay marami ring mananampalatayang karaniwan – mga karaniwang Kristiyanong namumuhay nang simple, tapat na nananalig at nagmamahal sa Diyos at sa kapwa. May iba’t iba silang hanapbuhay na tumutupad sa kani-kanilang mga tungkulin sa araw-araw – nang buong katapatan at may bukas na kalooban. Karaniwang wala silang uniporme o abitong mapagkikilanlan; kabahagi rin sila ng ibang tao sa kanilang mga kahirapan at alalahanin. Ngunit kaiba sa karamihan, hindi sila nalulunod sa mga pang-araw-araw na problema pagkat di nila nakakaligtaan ang kaligayahang inilalaan ng Diyos para sa sumusunod sa Kanyang kautusan.

Ang buhay ng ganitong mga sumasampalataya ay tunay ngang karaniwan ngunit hinding-hindi naman hamak lamang. Maaaring paminsan-minsan sila’y manghina ngunit di naman nagkakasiya na lang sa gayon nilang kahinaan. Inaamin man nilang wala sila sa kalingkingan man lang ng mga dakilang kanonisadong mga santo, subalit di naman sila napadadaig sa tukso ni tinatanggap nilang maging “talunan” sa pakikipaglaban sa kasalanan.

Naninirahan ang ganitong mga kahanga-hangang Kristiyanong ordinaryo sa ating mga pamayanan . . . sa ating mga tahanan. Puno ang langit sa mga tulad nila! Ang kapistahan ngayong nagpaparangal sa mga “di-kilalang santo” ay isang paalala at pampasigla. Pinaaalalahanan tayo nitong purihi’t parangalan ang ganitong mga bayani sa pamilya ng Diyos sa lupa. Higit sa lahat. ginaganyak tayo nitong makiisa sa kanila tungo sa langit na ating tahanan sa gabay ng “Mapapalad.” Anupa’t tayo ay inaasahang tumulad sa kanila pagkat lahat naman tayo ay tinatawag na mamuhay bilang mga “anak ng liwanag” at mamunga magpakailanman.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan